Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-37 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA MT. FUJI JAPANESE RESTAURANT, TABANG GUIGUINTO, BULACAN, NOONG IKA-27 NG MARSO, 2023.
MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 20-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGGAGAWAD AT NAGKAKALOOB NG BENEPISYO SA LAHAT NG NABUBUHAY NA BETERANO NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG (WORLD WAR II) SA LUNGSOD NG MALOLOS, PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

**AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG MIGUEL CARLOS B.SOTO, KGG EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. EMNAUEL R. SACAY, KGG. MICHAEL M. AQUINO AT KGG. VICTORINO G. ALDABA III**

**TALA NG PAGPAPALIWANAG**

**SAPAGKAT,** nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (World War II) sa pagitan ng Estados Unidos at ng bansang Hapon noong ika-1 ng Setyembre 1939 ay kinailangan ipagtanggol ang soberanya ng bansang Pilipinas mula sa kamay ng mga hapon;

**SAPAGKAT,** dumanak ang dugo sa halos anim (6) na taong digmaang pandaigdig na kumitil sa halos isang milyong Pilipino at dumanas ng pahihirap at pag-aabuso mula sa dayuhang mananakop;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang datos ng Pamahalaang Panlungsod ay mayroon na lamang (2) nabubuhay na Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at nasa 34 ang nabubuhay na benepisaryo sa Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng pinakamataas at maringal na pagkilala sa mga bayaning Malolenyo na lumaban ng buong katapangan at katapatan para sa kalayaan ng bansa laban sa mga mananakop na dayuhan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa Taguring "Kodigo ng Pamahaaang Lokal ng Pilipinas', na gampanin at tungkulin ng bawat Pamahalaang Lokal na maglatag ng mga programa at proyektong magtataguyod sa kagalingang panlahat;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** patuloy na dinadakila ng Pamahalaang Panlungsod ang mga naging sakripisyo gayundin ang pagbubuwis ng buhay, dugo at pawis ng mga Beteranong Malolenyo na sumasalamin sa kanilang dalisay na pagnanais na ipagtanggol at itaguyod ang kasarinlan ng bansa na patuloy na tinatamasa ng kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** sa mga dahon ng kasaysayan ng Lungsod ng Malolos ay may malaking papel at bahagi ang mga lumaban sa pwersa ng mga Hapon na patuloy na mababatid at maipagmamalaki ng mga susunod na henerasyon:

Sa mungkahi ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista, na sinang-yunan ng lahat at may bisa ng Batas, ang:

**SEKSYON 1. - TITULO -** Kikilalanin ang Kautusang Panlungsod na ito bilang "VETERANS WELFARE AND SURVIVORSHIP BENEFIT ORDINANCE".

**SEKSYON 2. - MANDATO** - Minamandato ng Kautusang Panlungsod na ito na makapagkalooban ng karampatang benepisyo sa lahat ng mga nabubuhay na beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (WORLD WARD II) at sa mga benepisaryo nito gaya ng mga sumusunod:

I. **BETERANO** - minamandato ang pagkakaloob ng mga sumusunod:
   a) Buwanang Pension sa halagang P5,000.00 na ipagkakaloob kada ika-15 ng bawat buwan;
   b) Medical Assistance sa halagang P10,000.00 na ipagkakaloob sa tuwing mao-ospital ang Beterano;
   c) Burial Assistance sa halagang P30,000.00;
   d) Birthday Gift sa halagang P2,000.00;

II. **Survivorship Benefit** - minamandato ang pagkakaloob sa mga asawa o' benepisaryo ng mga Beterano ng mga sumusunod:

   a) Buwanang Pension sa halagang P2,000.00 kada ika-15 ng bawat buwan;
   b) Medical Assistance sa halagang P5,000.00 na ipagkakaloob sa tuwing mao-ospital;
   c) Burial Assistance sa halagang P20,000.00.00

**SEKSYON 3. - VETERANS DAY -** Itinatadhana ang ika-5 hanggang ika-11 ng Abril kada-taon bilang 'City Veterans Week' upang gunitain at ipagdiwang ang kabayanihan ng mga Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Inaatasan ang City Tourism Division na magbalangkas at magsagawa ng programa para dito.

**SEKSYON 4. - PAGLALAAN NG PONDO -** Inaatasan ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng mga itinatadhana ng Kautusang Panlungsod na ito.

**SEKSYON 5. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY -** Ang anumang bahagi o' probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 6. - KABISAAN -** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN [illegible] G. [illegible]**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK E. DELA CRUZ**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS [illegible] SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. [illegible]**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
MAR 3 1 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03272023